# KABANATA 3:
# Ang Likas-Kayang Pag-unlad ng Pilipinas

Nalaman mo na ang Pilipinas ay biniyayaan ng masaganang pinagkukunang-yaman na nagbibigay ng mga gawaing pangkabuhayan sa bansa. Ang mga ito ay may mga hamong kinahaharap, ngunit may mga pagtugon namang ginagawa ang mga tao at pamahalaan upang mapagtagumpayan ang mga hamon. Ang mga pagtugon na ito ay nakatutulong upang makamit ang pambansang kaunlaran.

Gayonman, nananatiling isang malaking hamon ang mapangalagaan ang mga likas na yaman kasabay ng pag-unlad. Sa kabanatang ito, matutukoy mo ang mga hamon sa likas-kayang pag-unlad at ang mga gawaing nagsusulong dito.

## SUBUKIN NATIN

Panuto: Basahin ang tanong sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa pagtugon sa pangangailangan ng mga tao na isinasaalang-alang ang kapakanan ng susunod na henerasyon na makamit din ang pangangailangan sa pamamagitan ng responsableng paggamit ng likas na yaman?
   A. sagip-kalinangan
   B. sikap-pangkabuhayan
   C. likas-kayang pag-unlad
   D. kapakanang panlipunan

2. Anong kagawaran ng pamahalaan ang nanguna sa pagproseso ng Philippine Strategy for Sustainable Development (PSSD)?
   A. Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman
   B. Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Pilipinas
   C. Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan
   D. Pambansang Pangasiwaan sa Kabuhayan at Pagpapaunlad



LIVEWORKSHEETS

3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng konsepto ng likas-kayang pag-unlad?
   A. Ang pag-unlad ng teknolohiya ay may malaking epekto sa pagkaubos at pagkasira ng kalikasan.
   B. Anomang biyayang galing sa kalikasan ay maaaring gamitin ng mga tao para sa kanilang ikabubuhay.
   C. Ang likas na pinagkukunang-yaman ay hindi mauubos kailanman kaya't tama lamang na gamitin ito.
   D. Anomang kinuha ng tao sa kalikasan ay dapat mapalitan o mapanatiling mayroon para sa susunod na henerasyon.

4. Ano ang layunin ng Philippine Strategy for Sustainable Development (PSSD)?
   A. magsagawa ng iba't ibang estratehiya na tutugon sa pangangailangan ng mga tao
   B. magbalangkas ng plano para sa mga gawaing tutugon sa pangangailangan ng mga tao
   C. magmungkahi ng mga gawaing makatutulong sa pagtugon sa mga hamon ng likas-kayang pag-unlad
   D. magsuri ng mga estratehiyang makatutulong sa mga gawaing tutugon sa pangangailangan ng mga tao

5. Alin sa mga sumusunod ang dahilan ng paglago ng kabuhayan, ngunit dahilan rin ng mabilis na pagkaubos ng mga hindi mapapalitang pinagkukunang-yaman?
   A. konsumerismo
   B. paglobo ng populasyon
   C. *non-renewable resources*
   D. mabilis na industriyalisasyon

6. Alin sa mga sumusunod na paniniwala ang nagdudulot ng pagkaubos ng *non-renewable resources*?
   A. Napapalitan ang mga kinukuha at ginagamit na likas na yaman.
   B. Hindi mauubos ang suplay ng pinagkukunang-yaman sa mundo.
   C. May solusyon ang pamahalaan kung maubos ang likas na yaman.
   D. Maaaring magresiklo ng mga likas na yaman na magagamit muli.



LIVEWORKSHEETS

7. Aling gawain ang nagpapakita ng labis na pagkonsumo ng enerhiya?
   A. pagbili at pag-inom ng maraming tubig sa bote
   B. paggamit lagi ng *microwave* para initin ang ulam
   C. pagpapanatiling bukas ng ilaw kahit natutulog na
   D. pag-iwang umaandar ng gamit kahit hindi ginagamit

8. Ano ang epekto ng mabilis na industriyalisasyon sa likas na yaman?
   A. Nagkukulang ang mga kailangang materyal.
   B. Nasisira at nauubos ang mga likas na yaman.
   C. Nauubos na ang suplay na kailangan mula rito.
   D. Nagiging mabilis at malaki ang pangangailangan dito.

9. Bakit dapat na ituring na mataas ang halaga at hindi libre ang mga pinagkukunang-yaman?
   A. nang hindi abusuhin ang paggamit
   B. para maipagbili at kumita pa mula rito
   C. upang pangalagaan at proteksiyunan ito
   D. para mas mapalago at mapanatiling mayroon

10. Paano makapagpapanibagong tatag sa mga nasirang ekosistema?
    A. Huwag hayaang malapitan ito ng mga tao.
    B. Lumikha ng mga bakawan o *mangrove forest*.
    C. Pabantayan lagi ang mga palatubigan o *watershed*.
    D. Mag-isip ng mga bagong paraan ng pangangalaga rito.

11. Ayon sa Philippine Strategy for Sustainable Development, paano maipakikita ang pagbibigay halaga sa populasyon o yamang tao?
    A. Pagbantayin sila sa mga kagubatan at palatubigan.
    B. Pagbutihin ang programa sa kalusugan at edukasyon.
    C. Paglaanan ng tulong pinansiyal ang mga tao para magamit sa kabuhayan.
    D. Paunlarin ang mga edukasyong pangkalikasan para sa kanila.



LIVEWORKSHEETS

12. Anong hakbang ang dapat gawin upang maisulong ang edukasyong pangkalikasan?
   A. Magpunta sa mga *learning center* at ituro ang pangangalaga sa kalikasan.
   B. Magsagawa ng mga programa tungkol sa kalikasan at pasalihin ang mga bata rito.
   C. Magsama ng paksa tungkol sa kalikasan at pangangalaga nito sa elementarya at hayiskul.
   D. Magbigay ng mga seminar tungkol sa kalikasan at pangangalaga nito sa iba't ibang paaralan.

13. Paano mapauunlad ang mga lugar na rural sa bansa?
   A. Maglaan ng kaparehong *budget* at benipisyo para sa rural at urban.
   B. Pagbutihin ang mga serbisyong makapagpapaunlad sa kanilang kabuhayan.
   C. Isali ang mga tao sa pagpaplano at pagpapatupad sa mga programang pangkalikasan.
   D. Pagtayuan ng mga gusali at mga pamilihang tulad ng sa urban na magdaragdag ng kita sa mga tao.

14. Alin sa mga gawain ang nagpapakita ng pagtitipid sa paggamit ng enerhiya?
   A. pag-iwas na maglaro ng kompiyuter
   B. paggamit ng plantsa sa ibang bahay
   C. pag-*charge* ng *cellphone* sa *powerbank*
   D. pagpatay sa gripong walang gumagamit

15. Bakit kailangang isali sa mga pagpaplano at paggawa ng desisyon ang mga usaping pangkalikasan?
   A. Kailangan mapangalagaan ang kalikasan.
   B. Dapat makagawa ng tamang desisyon ukol dito.
   C. Maganda itong paksa para maging kawili-wili ang talakayan.
   D. Nakasalalay dito ang kabuhayan at kaunlaran ng bansa.



LIVEWORKSHEETS